DISCOVER . UNDERSTAND . APPLY

# Bible Study:

## Mga Hukom 6:1-16

## Small Group Session

Nobyembre 14, 2021

HEROES

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

# Mga Hukom 6:1-16

TAKE-HOME PRINCIPLE

**Pagtutuklas**
na mga Tanong

**Pag-uunawang**
mga Tanong

**Pagtugon**

# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

**6** Muling gumawa ng
kasamaan laban kay Yahweh
ang mga Israelita, kaya sila'y
hinayaan niyang masakop ng
mga Midianita sa loob ng
pitong taon.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

2 Higit na makapangyarihan
ang mga Midianita kaysa sa
mga Israelita. Kaya't ang mga
Israelita ay nagsipagtago sa
mga kuweba at sa mga
kabundukan.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

3 Tuwing magtatanim ang
mga Israelita sa kanilang mga
bukirin, sinasalakay sila ng
mga Midianita, Amalekita, at
iba pang mga lipi galing sa
disyerto.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

4 Nagkakampo ang mga ito
sa lupain at sinisira ang mga
pananim doon hanggang sa
may Gaza. Wala silang
itinitirang anuman na
maaaring pakinabangan ng
mga Israelita sapagkat
kinukuha nilang lahat pati ang
mga tupa, baka at asno.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

5 Dumarating silang parang
makapal na balang kasama
ang kanilang mga baka, tolda
at mga kamelyong hindi
mabilang sa dami, at sinisira
ang lupain. 6 Walang magawâ
ang mga Israelita, kaya
humingi sila ng tulong kay
Yahweh.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

7 Nang marinig ni Yahweh ang
pagdaing ng mga Israelita
dahil sa pagpapahirap ng
mga Midianita, 8 sila'y
pinadalhan niya ng propeta
at ipinasabi ang ganito:
“Inilabas ko kayo sa Egipto.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

9 Iniligtas ko kayo sa kanilang
pang-aalipin, at sa lahat ng
inyong kaaway. Natalo ninyo
sila at ibinigay sa inyo ang
kanilang lupain.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

10 Sinabi ko na sa inyo na ako
si Yahweh na inyong Diyos at
hindi kayo dapat sumamba sa
mga diyos ng mga Amoreo, sa
lupaing inyong tinitirhan
ngayon. Ngunit hindi kayo
nakinig sa akin."



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

11 Dumating sa Ofra ang anghel
ni Yahweh at naupo sa ilalim ng
malaking puno na pag-aari ni
Joas na buhat sa angkan ni
Abiezer. Si Gideon na anak ni
Joas ay kasalukuyang gumigiik
noon ng trigo sa pisaan ng ubas.
Patago ang kanyang paggiik
upang hindi siya makita ng mga
Midianita.



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

12 Nagpakita sa kanya ang
anghel ni Yahweh at sinabi sa
kanya, "Sumasaiyo si Yahweh,
magiting na lalaki."



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

13 Sumagot si Gideon,
"Mawalang-galang na po. Kung
talagang kasama namin si
Yahweh, bakit ganito ang
nangyayari sa amin? Nasaan na
ngayon ang mga kababalaghang
ginawa niya noon gaya ng
ikinuwento sa amin ng aming mga
ninuno, kung paanong sila'y
iniligtas niya sa Egipto?
Pinabayaan na kami ni Yahweh sa
kamay ng mga Midianita."



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

14 Sinabi sa kanya ni Yahweh,
“Lumakad ka at gamitin mo
ang buong lakas mo upang
iligtas ang Israel mula sa mga
Midianita. Ako mismo ang
nagsusugo sa iyo.”



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

15 Sumagot si Gideon, "Ngunit
Panginoon, paano ko
maililigtas ang Israel? Ang
aming angkan ang
pinakamahina sa lipi ni
Manases, at ako naman ang
pinakahamak sa pamilya
namin."



# Mga Hukom 6:1-16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

16 Sinabi sa kanya ni Yahweh,
"Makakaya mo ito sapagkat
tutulungan kita. Matatalo mo
ang mga Midianitang ito na
para ka lang lumaban sa
isang tao."



# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

Susuriin ko ang aking buhay sa anumang di kasiya-siya sa Panginoon at may pagpapakumbabang magsisisi at susunod sa Kanya.

# Pagtutuklas na mga Tanong

Mga Hukom 6:1-16

## #1

Ano ang ginawa ng Diyos sa mga Israelita? (v.1) Bakit? (v. 1&9)



# Pagtutuklas na mga Tanong

Mga Hukom 6:1–16

#2

Ano ang ginawa ng mga taga Midian sa mga Israelita at paano tumugon ang mga Israelita?



# Pagtutuklas na mga Tanong

Mga Hukom 6:1-16

## #3

Ano ang nangyari matapos dumaing ang mga Israelita sa Panginoon? (v.6)



# Pag-uunawang mga Tanong

Mga Hukom 6:1-16

## #1

Bakit pinayagan ng Diyos magdusa ang mga taga Israel dahil sa kanilang pagsamba sa diyos-diyosan?



# Pag-uunawang mga Tanong

Mga Hukom 6:1-16

## #2

Alalahanin ang mga pinili at ginamit ng Diyos upang iligtas ang Israel sa mga mapanlupig. May sadya bang pakay ang Diyos sa pagpili sa kanila o ito ay mga paghirang na nagkataon lamang?



# Pagtugon

Mga Hukom 6:1-16

## #1

Bilang tagasunod ni Kristo Jesus, tayo rin ay maaring mahulog sa pagkakasala. Balikan ang iyong karanasan kung saan ikaw ay pinaalalahanan ng banal na Espiritu o ng isang kamananampalataya. Paano ka tumugon?



# Pagtugon

Mga Hukom 6:1-16

## #2.a

Ang mapatawad at mailigtas ay karanasang mapagpalaya at nakakapagbagong buhay. Ibahagi ang karanasang nagbago ng iyong buhay matapos kang patawarin at gamitin ng Diyos. Maari ring ibahagi ang isang karanasan kung saan may ipinagawa ang Diyos na hindi mo magagawa sa sarili mong kakayahan o kalakasan.



# Pagtugon

Mga Hukom 6:1-16

## #2.b

a. Paano ka nakipag- buno sa Diyos?
b. Nagpagamit ka ba sa Diyos? Bakit oo/ bakit hindi?
c. Ano ang iyong natutunan batay sa iyong karanasan?




# Mga Hukom 6:1-16

TAKE-HOME PRINCIPLE



**Discovery**
Questions



**Understanding**
Questions



**Application**
Questions

# Mahalagang Prinsipyo Sa Buhay

Susuriin ko ang aking buhay sa anumang di kasiya-siya sa Panginoon at may pagpapakumbabang magsisisi at susunod sa Kanya.

Small Group Session

# Pangwakas Na Panalangin

DISCOVER . UNDERSTAND . APPLY

# Bible Study:

## Mga Hukom 6:1-16

## Small Group Session

**See you next week!**

HEROES

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584

KBCF

KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584